22130073

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**FILIPINO A: LITERATURE – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**FILIPINO A : LITTÉRATURE – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A: LITERATURA – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Wednesday 8 May 2013 (morning)
Mercredi 8 mai 2013 (matin)
Miércoles 8 de mayo de 2013 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a literary commentary on one passage only.
- The maximum mark for this examination paper is *[20 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire littéraire sur un seul des passages.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d’examen est *[20 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario literario sobre un solo pasaje.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[20 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2013

https://xtremepape.rs/

*Sumulat ng komentaryong pampanitikan sa alinmang **isa** sa dalawang sumusunod:*

**1.**

Matatalim ang kidlat at dumadagundong ang kulog noong kalagitnaan ng gabi kaya't nawalan na naman ng koryente. Gusto ko pa naman sanang magsulat. Lumabas ako sa kusina at nagpunta sa aking sulatin. Kinuha ko ang aking *notebook* at nagsimulang magsulat sa dilim.

Itinala ko ang mga gunita, araw-araw na pangyayari, iniisip—sa porma ng tula.

Kahit paano, basta tula. Ang tula para sa aki'y iyong may natatandaan akong linya. Hindi naman sa itinuturing kong makata ang sarili. Upang madali ko lamang maalala ang aking itinala kaya ako tumutula. At mula sa tula, babalangkasin ko ang kuwento.

At paano ako naglulubid ng salita?

Para lamang nagluluto–Hinahalo-halo ang sangkap, pinipiris ang hinanakit–Inihuhulog ang nakatatawa pagsubo ng dusa–Sinasangkutsa ang sigla para kumatas, nakatagong pait–Pagkulo ng galit, inaawatan ang gatong–Hinahayaang lumambot sa hinay-hinay na apoy–Hinuhugasan muna ng romansa nang laswa'y 'wag sumama–Tunggalia'y hinahango 'pagdaka (malulusak 'pag nababad)–Binubudburan ng katatawanan para drama'y gumaan– Inihahain nang mainit–Pinaiikutan ng siste, umaasang lasa'y mag-iiwan ng palaisipan.

Karaniwang nagsusulat ako sa kalaliman ng tulog ng aking mga kasambahay. Maaga akong natutulog at nagigising ako sa kalampag ng mga kaserola, kaluskos ng mga dagang naghahalungkat ng makakain. Kinakalkal ng mga ito ang basurahan, itinutumba ang mga bote at garapon, binubuklat ang mga libro at diyaryo. Hinahamon ako.

Biglang sumindi ang ilaw. Ang panganay! Kipkip niya ang kaniyang mga libro at inilatag ang mga iyon sa mesang kainan. Nagtuturo siya ng malikhaing pagsusulat at isa rin siyang manunulat. Kumukuha siya ngayon ng masters. Nagulat siya nang matanaw niya ako na nagsusulat sa dilim. Natawa siya.

"Ano'ng ginagawa niyo riyan? Ba't di kayo mag-ilaw?"

"Namamana ako sa dilim," sabi ko para patawanin siya at tumawa nga siya.

Parang ang panaho'y lumigaw-tingin–panay kindat at buladas, walang ibinugang ulan.

May kuryente na, kaya't binuksan ko ang *computer* at dinugtungan ang sinusulat kong nobela. Ano kaya't ipabasa ko sa panganay ang mga sinulat ko? Kinuha ko ang nasulat kong dalawang kuwento. Inabot ko sa kaniya.

"May nasulat akong mga kuwento."

Gulat na gulat siya.

"Nagsusulat kayo? Kelan pa?"

Hindi ako umimik. Binasa niya nang tahimik ang mga kuwento. Pahapyaw ang pagbasa niya. Pagkaraa'y nakangiting tumingin siya sa akin. Iyon bang ngiti ng ina nang ipakita ng kaniyang anak ang unang naiguhit nito.

"Maganda. Ipapa-*publish* natin."

Isinama niya ang mga kuwento sa kaniyang mga librong nakalatag sa mesa. Ano kaya't ibigay ko na rin ang aking mga tula nang malathala rin ang mga iyon.

"May nasulat din akong mga tula."

"Mga! Natutulog pa ba kayo?"



https://xtremepape.rs/

Binuklat-buklat niya ang maraming pahinang papel na tula. Muli, pahapyaw niyang binasa. Pagkatapos, isinama rin ang mga iyon sa kaniyang mga libro.

"Pangit?"

"Hindi naman tula'ng sinulat niyo. Hindi basta't pinag-*rhyme* niyo, tula na. May ilang maganda. Aayusin ko."

"Ako na lang. Sabihin mo lang kung paano."

"Mama! Kaya ako narito para gawin ang *thesis* ko. Mas makulit pa pala kayo sa apo n'yong si Amado."

Hindi ako nagpilit. Itinuloy ko ang sinusulat kong nobela. Niyapos niya ako.

"Nami-*miss* mo ba si Papa kaya ka nagsusulat?"

Paiwas ang sagot ko. "May sinusulat akong nobela. Dalawa."

Ipinakita ko sa kaniya ang isang *notebook* kung saan ko isinulat ang borador ng unang nobela at ang naka-*computer* na pangalawang nobela.

Binuklat niya ang mga ito. Pahapyaw na binasa.

"Hm, mukhang maganda. Babasahin ko mamaya."

"Puwede talagang ma-*publish* ang kuwento ko?"

"Oo naman. At parehong mukhang *interesting*."

Hinintay ko ang iba pa niyang sasabihin pero nagsulat na siya habang nakabukas ang binabasa niyang libro na parang wala ako sa harap niya.

Ellen Sicat, Sipi mula sa *Unang Ulan ng Mayo* (2009)



https://xtremepape.rs/

**2.**

Kung nasa amin ako ngayon
Binibihisan ko na ang Birhen
Para sa prusisyon mamamayang hapon.

Kaninang umaga
Nailabas ko na ang katawang kahoy
Mula sa bodega (buong taon nitong kasama
Ang mga pinaglipasang damit at laruan
At ang kamang kinamatayan ni Lola),
Naipatong na namin ito ni Itay
Sa maliit na mesa sa gitna ng sala
Samantalang inilalatag ni Inay sa sopa
Ang mahabang belong itim, sayang puti,
Pilak na korona't pusong may pitong punyal,
Mga kamay at ulong garing
At apat na patak ng luhang kristal
(Idinidikit sa pisngi tuwing Biyernes Santo,
Isa-isang tinatanggal sa Pasko ng Pagkabuhay).

Samantalang sabik na nakatunganga
Ang mga anak ni Ate at iba ko pang pamangkin,
At ipinagdidikit ng pawis ang balat ko't damit,
Dinadamitan ko ang katawang kahoy,
Kinakamayan, inuuluhan, binebelohan,
Kinokoronahan, pinupusuan, niluluhaan,
Pinagdadalamhati sa taunang kamatayan
Ng anak niyang panganay (Dalawang madaling-araw pagkaraan
Pagagalakin naman siya sa muling pagsalubong
Sa anak ding ito, sa saliw ng awitan
Ng mga pamangkin kong pinakpakan).

Ngunit ngayon, libong milya ang layo
Sa mga magulang, kapatid, pamangkin,
Nanginginig sa ginaw sa tabi ng apoy
Samantalang sabik na nakatunganga
Sa mga pinung-pinong butil ng kristal,
Mga luhang pumapatak at dumidikit
Sa bintana nitong munting silid.

Rofel G Brion, *Biyernes Santo* (2001)



https://xtremepape.rs/